# Mga Karaniwang Tanong Tungkol sa Pagprotekta sa mga Bata Laban sa Tigdas

## MGA TANONG TUNGKOL SA TIGDAS

### Puwede ba kayong magkasakit dahil sa tigdas?

Oo. Puwedeng maging malala ang tigdas at puwede itong humantong sa malulubhang komplikasyon, kabilang na rito ang pagkamatay. Halimbawa, ang 1 sa 5 batang hindi nabakunahan at magkakatigdas ay kakailanganing pumunta sa ospital, 1 sa 20 ang maaaring magkapulmonya, at 1 sa 1,000 ang makararanas ng pamamaga ng utak.

### Ano ang mga sintomas ng tigdas?

Ang mga sintomas ng tigdas ay karaniwang lumalabas 7 hanggang 14 na araw matapos malantad dito. Kasama sa mga karaniwang sintomas ang mataas na lagnat, ubo, tumutulong sipon, pamamantal, at namumula at nagluluhang mata. Ang pamamantal mula sa tigdas ay karaniwang nagsisimula ilang araw matapos magsimula ang lagnat at unang lumalabas sa mukha at kumakalat pababa.

### Kung may magkakatigdas, puwede ba siyang magamot?

Walang partikular na paggamot o lunas para sa tigdas. Nakatuon ang pangangalagang medikal sa pagpapahupa ng mga sintomas at pansuportang pangangalaga. Ang pinakamahusay na paraan upang mapanatiling ligtas ang inyong anak mula sa tigdas ay tiyaking makatatanggap siya ng bakuna para sa MMR (measles, mumps, rubella).

### Ano ang dapat kong gawin kung sa palagay ko ay nalantad sa tigdas ang aking anak?

Maaari kayong makatanggap ng tawag mula sa kagawaran ng kalusugan na nagsasabing maaaring nalantad ang inyong anak sa tigdas. Sundin ang tagubilin mula sa kagawaran ng kalusugan. Kung magsisimulang magkaroon ng mga sintomas ng tigdas ang inyong anak, tawagan kaagad ang kaniyang doktor o ospital upang masabi nila sa inyo ang susunod na dapat gawin. Tumawag muna bago dumating upang tiyaking handa silang mabigyan-daan kayong makabisita nang ligtas.

## MGA TANONG TUNGKOL SA BAKUNA SA MMR

### Ligtas ba ang bakuna sa MMR? Paano natin malalaman?

Oo. Milyon-milyong bata ang ligtas nang nakatanggap ng bakuna sa MMR dahil nilisensiyahan ito mahigit 50 taon na ang nakalilipas. Ang Centers for Disease Control and Prevention (CDC, Mga Sentro para sa Pagkontrol at Pag-iwas sa Sakit) at Food and Drug Administration (FDA, Pangasiwaan ng Pagkain at Gamot) ay gumagamit ng maraming sistemang pangkaligtasan upang patuloy na masubaybayan at tiyaking ligtas ang mga bakuna. Pandaigdigan ding sinuri ang MMR para sa kaligtasan.

### Ano ang mga side effect o panganib ng bakuna sa MMR?

Pagkatapos magpabakuna sa MMR, maaaring makaranas ang inyong anak ng mga banayad na side effect, tulad ng pamamaga sa lugar ng iniksiyon, lagnat, o pamamantal. Ang mga ito ay karaniwang tumatagal lang nang ilang araw at kusang nawawala. Bihira lang ang mas malalalang side effect, pero maaaring kabilang sa mga ito ang mataas na lagnat na puwedeng magdulot ng febrile seizure o seizure na may lagnat. Ang mga febrile seizure ay karaniwang itinuturing na nagdudulot ng anumang permanenteng pinsala o may anumang tumatagal na epekto.

### Mayroon bang anumang matagalang panganib matapos magpabakuna sa MMR?

Mayroon kaming deka-dekadang karanasan sa bakuna sa MMR at walang ebidensiyang nagdudulot ito ng matagalang pinsala.

### Nagdudulot ba ng awtismo ang mga bakuna tulad ng MMR?

Nagkaroon ng malawakang pananaliksik tungkol sa daan-libong batang hindi nagpakita ng koneksiyon sa pagitan ng bakuna at awtismo.

**ALAMIN PA ANG TUNGKOL SA MGA BAKUNA SA PAGKABATA:**

**Mga Tanong Tungkol sa Tigdas**
cdc.gov/measles/about/questions.html

**Tungkol sa mga Bakuna para sa inyong mga Anak**
cdc.gov/vaccines-children/about/index.html

## MGA TANONG TUNGKOL SA BAKUNA SA MMR

### Gaano kabisa ang paggana ng mga bakuna sa MMR?

Gumagana nang mabisa ang mga bakuna sa MRR. Pagkatapos ng dalawang dosis, napoprotektahan nito ang humigit-kumulang 97% ng mga tao mula sa tigdas. Bihira lang na magkatigdas ang mga nabakunahang tao, pero puwede itong mangyari. Gayunman, mas mababa ang posibilidad na maikalat nila ang sakit sa iba. Karaniwan ding mayroon silang mas banayad na karamdaman at mas kaunting komplikasyon.

### Kung hindi ko pababakunahan ang aking mga anak, talaga bang nanganganib silang magkatigdas?

Napakadaling kumalat ng tigdas at isa ito sa pinakanakakahahawang sakit sa mundo. Nanganganib ang sinumang hindi protektado laban sa tigdas. Dahil sa mas madalas na pagbiyahe at sa pagbaba ng bilang ng mga nabakunahan, nakita natin ang pagtaas ng mga kaso ng tigdas, kaya lalo nang mas mahalaga ang pagbabakuna sa MMR.

### Nagpaplano ang aming pamilya ng bakasyon sa ibang bansa. Paano namin mapoprotektahan ang aming anak mula sa tigdas?

Bago bumiyahe sa ibang bansa, ang lahat ng miyembro ng inyong pamilya ay dapat maprotektahan mula sa tigdas sa pamamagitan ng pagbabakuna sa MMR bago pa lumaganap ang tigdas sa buong mundo. Kasama sa mga rekomendasyong ito ang isang dosis sa MMR para sa mga sanggol na edad 6–11 buwan at dalawang dosis (na may agwat na 28 araw) para sa mga batang edad 12 buwan pataas, teenager, at nasa hustong gulang na hindi pa nabakunahan. Ang pagpapabakuna nang hindi iikli sa 2 linggo bago ang pagbiyahe ay makapagbibigay ng pinakamabisang proteksiyon laban sa tigdas.

### Hindi ba nahahawahan ng tigdas ang mga sanggol sa kanilang pagsilang?

Kapag isinilang ang isang sanggol sa inang immune sa tigdas, nakatatanggap siya ng proteksiyon mula sa mga antibody ng ina: Nakatutulong ang proteksiyong ito sa unang mga buwan ng buhay pero unti-unti itong humihina sa pagdaan ng panahon. Ang mga bakuna, gaya ng bakuna sa MMR, ay ligtas na paraan upang matulungan ang inyong anak na magkaroon ng immunity nang hindi nanganganib na magkatigdas.

### Bakit kailangan ng mga sanggol na magpabakuna sa MMR habang napakaliit pa nila?

Inirerekomenda ang mga bakuna sa unang bahagi ng buhay upang maprotektahan ang mga sanggol at bata bago sila makaranas ng malalalang karamdaman, tulad ng tigdas. Ang mga bata ay regular na nakatatanggap ng kanilang unang bakuna sa MMR nang 12–15 buwan dahil ito ang panahong nawawala na ang mga antibody ng kanilang ina. Sa edad na iyon, ang mga batang mahahawahan ng tigdas ay may mas mataas na tsansang magkaroon ng malalalang komplikasyon.

### Puwede bang masobrahan ang katawan ng mga sanggol kapag marami at sabay-sabay ang mga bakuna?

Hindi, nalalabanan ng malulusog na sanggol ang libo-libong mikrobyo araw-araw. Gumagamit ang mga bakuna ng mga antigen, na bahagi ng mga mikrobyong nagsasanhi sa immune system ng katawan upang magkaroon ng mga antibody na panlaban sa mga sakit. Kahit na makatanggap ang mga sanggol ng maraming bakuna sa isang araw, naglalaman ang mga bakuna ng maliit na fraction ng mga antigen na nararanasan ng mga sanggol araw-araw sa kanilang kapaligiran.

### Maysakit ang aking anak ngayon. Ayos lang bang magpainiksiyon pa rin ngayon?

Ipaalam sa akin ang tungkol sa karamdaman ng inyong anak. Kailan ito nagsimula at ano ang mga sintomas? Karaniwan, puwedeng mabakunahan ang mga bata kahit na mayroon silang banayad na karamdaman tulad ng sipon, masakit na tainga, banayad na lagnat, o pagtatae. Tandaan na walang benepisyo sa kalusugan ang paghihintay na mabakunahan ang inyong anak kung mayroon siyang banayad na karamdaman. Mahalagang makuha ng mga bata ang kanilang mga bakuna sa takdang oras upang maprotektahan sila laban sa malalalang sakit.

### ALAMIN PA ANG TUNGKOL SA MGA BAKUNA SA PAGKABATA:

**Mga Tanong Tungkol sa Tigdas**
cdc.gov/measles / about/questions.html

**Tungkol sa mga para sa inyong mga**
cdc.gov/vaccines - children/about/ index.html